
NATIONAL
GARAPALAN
MGA
HAYOP
KAYONG LAHAT



TUNGKOL SA TANGANGLAWIN

Ang Tanganglawin ay ang taunang mapanuyang isyu ng Matanglawin— ang Opisyal na Pahayagan ng Pamantasang Ateneo de Manila. Layon ng Lampoon na ito na matuligsa ang mga isyung kinakaharap ng lipunan sa kasalukuyang panahon sa paraang nakaaagaw-pansin sa mambabasa. Bagaman nagmistulang katatawananang anyo, nakabatay sa totoong impormasyong naisaliksik ang mga naisulat na artikulo at mga nagawang sining.



NATIONAL GARAPALAN MAGAZINE 2021

KINGDOM ANIMALIA

TOP LAWIN
Kuya Keem

MANILA'S NEXT TOP LAWIN
Batang Pasaway

BLUE FOOTED BOOBY
Immanuel Kantot

LUMILIPAD NA TWEETY BIRD
Pusang Ina

PAPER CRANE
Ibon Iver

SATIN BOWERBIRD
Maid in China

MGA PHYLA

CHORDATA
Apolaki
Matt T. Gang
Dr. Kwak Kwak
Maria Orosa Ermita
Zookeeper
Dr. Kwak Kwak

CNIDARIA
Elle Panty

MULA SA KINGDOM ANIMALIA

Sa mga masukal na kagubatan ng Pilipinas, maraming matatagpuang mga hayop at hinayupak. May mga baboy ramong imbis na siya ang ihanda sa hapag ay siya tuloy ang nagpasimuno ng mga magagarbong pista. May mga lintang walang pahintulot na sumisipsip ng yaman at lupa ng bansa. May mga kabuteng biglaang sumusulpot para manira ng buhay ng iba. At higit sa lahat, may mga kakaibang asong hindi naman cute ngunit kamangha-mangha ang pagiging sunod-sunuran sa utos ng mga intsikto.

Sa bagong isyu ng Tanganglawin, pagnilayan natin muli ang pagdadakip ng estado sa mga nawawalang aktibista, at ang patuloy na pagpupursigi ng mga healthcare worker. Pasukin natin ang mundo ng mga pee-and-pee, alamin natin ang mga panibagong species ng diktador at ang mga trending na health gimmick para sa panibagong taon, at hanapin natin ang nawawalang baul ng 15b ng philwealth. Bukod dito, bibiyahe rin tayo sa mars upang siyasatin ang bagong gawang subdivision!

Tara't samahan ninyo kaming tuklasin at kilalanin ang mga pinaka-exotic na kahayupan sa balat ng lupang ating sinilangan. Kasabay nito, subukan din nating kilatisin ang mga tunay na nagbabalatkayo sa mundo ng politika upang mailigtas at maibalik natin kung saan sila mas nararapat—sa likod ng rehas. Huwag na kayong magpatumpik-tumpik pa! Inaabangan na kayo ng tawag ng kagubatan!

Lahat aalamin, wala kaming patatakasin!

— Kuya Keem, KINGDOM ANIMALIA 2020 – 2021



KIDS

HEALTH

CULTURE

WILDLIFE

TECH

SPACE

MGA
HAYOP KAYONG LAHAT

SETYEMBRE
2021

SHINCHA AT MONEY BILYAR NAGKAMKAM NG LUPA SA MARS 1

SAKAY NA SA FOODPANDUHH: ANG APP NA HINDI TANGA 6

DOG-DIRTY: ANG SUPERDOG NG CHEENA? 12

AWIT SA AMANG MAKASALANAN 16

A DAY IN THE LIFE OF A POLICE OFFICER: QUARANTINE VLOG 22

DR. ROXIE: DOLOMITE PARA SA MENTAL HEALTH! 28

SCAVENGER HUNT: KAGOVATAN EDITION 34



Cummhelia



SHINCHA AT MONEY BILYAR NANGKAMKAM NG LUPA SA MARS

NI **IMMANUEL KANTOT** SINING NI **ELLE PANTY**

“

Bakit ba parang lahat ng budget ng kahit anong sangay ng gobyerno puro research? Baliw na baliw kayo sa research. Aanhin niyo ba ‘yung research? Ako, matalino akong tao pero ‘di ko maintindihan ‘yung research ninyo, lalo na ‘yung mga tao. Gusto ba ng tao ‘yung research?

\-
SHINCHA BILYAR
Asawa ni Money

NATIONAL ◆ GARAPALAN





NATIONAL ◆ GARAPALAN

TILA BANG
kahusayan
dalawang P
nakaraang
plantito at
groundbrea
at pagtata
ng mundo.
at nagmam
lupa sa iny
na ito, kila
ng kalabaw
kauna-unan
wala pa na
pa dahil ka
eksklusibo



HIGIT na sa internasyonal na plataporma ang ng mga Peenoise ngayong hindi lang isa ngunit Peenoise ang nakapunta sa planetang Mars noong buwan. Kinikilala ang dalawang magigiting na plantita ng subdibisyon dahil sa kanilang mala-king na paghahanap, pagkakamkam ng lupa, yo ng libo-libong subdibisyon saanmang parte Ating kilalanin ang mag-asawang plantrophist ay-ari ng lahat ng lupa ng mundo pati sa mga yong paso: Shincha at Money Bilyar! Sa exposé lanin natin ang unang taong nakatapak sa tae sa planetang Mars. Bukod pa rito, sila rin ang hang nakapagtayo ng subdibisyon sa Mars kahit mang nakatira rito. Huwag na nating patagalin ahit ako ay sabik na sabik nang makausap sila from Mars!

Q: Hello kumareng Shincha at pareng Money! Ako po si Immanuel Kantot ang inyong tagapanayam para sa bagong isyu ng Tanganglawin. Kumusta naman kayo at kumusta ang inyong mga buhay ngayong kayo'y tanyag at pinag-iindakan ng sambayanang Peenoise dahil sa inyong matatag at matagumpay na pagpunta sa Mars?

SHINCHA BILYAR: Ayun okay naman. Gusto ko lang sabihin na masaya ang buhay namin ditong mag-asawa sa Mars. Hindi ko aakalain na kami ay magiging inspirasyon sa napakaraming Peenoise at tao sa mundo. Nakapagkukumbaba rin yung experience namin kasi mga simpleng tao lang naman kami na may-ari ng maraming lupain sa Pilipinas at may malaking kapangyarihan sa politika roon pero nabigyan pa rin kami ng pagkakataong makalipat ng bansa—ay planeta pala, na lilipatan namin. Sige magiging oportunista na rin ako pati sa interbyu na 'to, para sa aking mga kababayan, puwede na kayong lumipat sa aming pinatayong Cummhelia Holmes dito! Masaya ang buhay dito, payapa at tahimik kahit wala kayong pagkukuhanan ng hanapbuhay.

Q: Sige, maraming salamat mareng Shincha. Si mister naman ang aking tatanungin. Pasensiya na akala ko talaga mag-ina kayo. Mag-asawa pala. Anyways, sir, kumusta naman ang inyong biyahe papuntang Mars? Hindi ba kayo nahirapan at naantala dahil malayo ang destinasyon?

MONEY BILYAR: Okay lang, HAHA! Mukha naman na kasi talagang lola 'tong misis ko. Yung biyahe namin, komportable naman. Ako, 'di na ako nakasakay ng



jeep simula noong taong 1975 kasi kinasal na ako sa misis ko pero ‘tong sinakyan namin papuntang Mars ay swabe naman. Wala ring traffic kasi syempre nasa space at naunahan pa namin si Ilong Musk sa pagpunta sa Mars. Diba sabi niya magpapatayo siya ng hotel sa space, kami nakapagtayo na ng subdibisyon at hindi lang sa space kundi sa ibang planeta. Sa totoo lang, napaiyak nga ako pagtapak namin sa Mars kasi naalala ko yung mga paghihirap na dinaanan ko at ng pamilya ko sa Tondo noong mahirap pa kami kaya pinikit ko na lang ulit mata ko para ‘di ko makita at maalala. Naluluha ako tuwing naaalala ko yung mga mahihirap sa Tondo. Buti na lang wala na ako dun at hindi ko na sila nakikita.

Q: Paano naman ho kayo nakapunta ng Mars at saan niyo nalaman ang mga impormasyong tungkol sa planetang ito? Nagresearch ba kayo tungkol dito?

SHINCHA BILYAR: Hay nako, nandito nanaman tayo sa usapan ng research. Bakit ba parang lahat ng budget ng kahit anong sangay ng gobyerno puro research? Baliw na baliw kayo sa research. Aanhin niyo ba ‘yung research? Ako, matalino akong tao pero ’di ko maintindihan ‘yung research ninyo, lalo na ‘yung mga tao. Gusto ba ng tao ‘yung research? Nakapunta kami ng Mars sa pamamagitan ng space ship na binili namin ng asawa ko sa NASAL. Hindi na raw kasi nila gagamitin at ang sabi namin sayang naman. Long story short, nasa Mars na kami ngayon—nakatira at nakapagtayo na ng subdibisyon na nagngangalang Cummhelia Holmes.

Q: Ano naman po ang mga ginawa ninyo para makuha ang mga lupa sa Mars? Meron po ba kayong mga secret techniques na maaari niyong i-share kasi kating-kati na ang mga readers namin na malaman kung paano kayo nakakukuha ng lupa at nakapagpapatayo ng subdibisyon nang mabilisan.

MONEY BILYAR: Sikreto nga eh. Pero nakakuha kami ng lupa sa Mars dahil sa awa ng Panginoon, panginoong Dutarte at Iksi Jimping. ‘Yung sa subdibisyon naman, sa amin na yun kasi sanay na kami sa pagkamkam ng lupa tapos sesementuhan at gagawing subdibisyon. Alam mo naman kung gaano kabilis maghanap ng bakanteng lupa ang asawa ko pati nga mga paso ng kapitbahay ay balak niyang bilhin kasi may lupa raw. Nahanap niya talaga iyon kahit nasa Earth pa lang kami. Nagsimula talaga ang lahat ng ito noong nalanghap niya yung amoy ng tae ng kalabaw na nasa Mars. The rest is history.

Q: Bakit sa Mars? At bakit niyo iniwan ang Pilipinas?

SHINCHA BILYAR: Well, naamoy ko nga kasi yung lupa sa Mars mula sa Earth. Tsaka maganda at mayaman ang lupa ng planetang Mars puwedeng gawing negosyo. Syempre inuna na namin ang housing and subdibisyon kaysa sa mga katauhan para naman may titirahan ang mga lilipat na tao rito tapos gagawin na lang namin silang mga manggagawa namin kapag hindi sila nakabayad ng upa. Ang cost of living kasi sa Manila as of now ay humigit-kumulang 50,000 pesos sakaling dito sa Mars ay nasa 49,000 pesos lang. Oh diba naka-ipon ka pa ng isang libo. Hindi naman namin iniwan ang Pilipinas. Walang ganun mars! Walang iwanan! Tsaka kung tutuusin, wala naman talagang Pilipinas kasi gawa-gawa lang iyan ng mga illuminati. Maniwala ka sa akin laging korek mga sources ko.

Q: Ano ang advice niyo sa mga taong nangangarap na maging bilyonaryo at maging makapangyarihan tulad niyo?

MONEY BILYAR: Don’t work hard. Ayan lang ang masasabi ko. Hindi naman ako nagtrabaho masyado kahit na tinatawag nila kaming self-made billionaire dahil wala naman talagang bilyonaryong self-made. Hindi mo naman kailangan maging matalino, masipag, matiyaga, o mabuti para maging bilyonaryo, ang tanging kailangan mo lang ay pinanganak na mayaman at nanggaling sa angkang deka-dekadang kumamkam at nagnakaw ng pera at lupa ng mga magsasaka o kung gusto mo magnakaw ka na lang ng pera sa mga manggagawa mo katulad ni pareng Henri C na kinakaltasan ang suweldo ng mga workers niya. Simple lang. Ganun lang. Tapos kung ‘di pa kuntento yung angkan mo sa



nanakaw nilang kayamanan, tulad ng amin, ipagpatuloy niyo lang hanggang ngayon. Eh hindi naman ako pinanganak na ganun buti na lang asawa ko galing sa ganun.

SHINCHA BILYAR: Sa akin naman, kailangan mo lang mag negosyo. And by negosyo, what I mean is you run for a high-ranking government position. Doon talaga ang lugar pang negosyo. Ayan, pagkatapos mo maloko ang publiko sa eleksyon gamit ang mga walang kuwentang pangako at catchy jingle, gumawa ka ng mga batas na lalong magpapahirap sa mga magsasaka para lalo silang mahirapan at umasa sa mga landlord na katulad ko. Ganun ang negosyo. Tignan mo 'yung anak kong si Murk Bilyar. Secretary na siya nung kuwan— yung department of expressways ba yun? Basta 'yun 'yung puro expressways ang ginagawa tapos maloloka naman ang taumbayan kasi feel nila uunlad tayo sa kalsadang pang pribadong sasakyan lamang. Anyways, marami siyang kinita dun.

FAST TALK

Hindi matatapos ang ating exposé kung wala tayong gagawing Fast Talk: ang usapang mas mabilis sa pagnakaw ng gobyerno sa kaban ng bayan. Sa part na 'to magtatanong ako nang mabilisan at susubukang sagutin ito ng ating mga kapanayam. Bawal ang mahabang sagot kung kakayanin oo at hindi lang sana para sa mga close-ended questions.

Q: May unli rice ba sa Cummhelia Homes sa Mars?

SHINCHA BILYAR: Wala. So dapat i-train na rin natin ang mga Peenoise not to eat too much rice kasi nagiging diabetic. And you know, it's expensive to cure diabetes. Parang sinasabi sa ibang bansa kaya hindi sila nagiging self-sufficient, because they have a better diet. So makakatulong iyon, iyong sinasabi nilang unlimited rice, hindi maganda iyon sa diet natin.

Q: Uhm ma'am yes or no lang po dapat sagot dun. Kayo naman sir, may mga bata bang maliligo sa dagat ng basura sa Mars?

MONEY BILYAR: Meron at magkakaroon din sila ng pagkakataong magpasko sa gitna ng kalsada.

Q: Kung bibigyan kayo ng pagkakataong ibalik ang mga lupa ng mga magsasaka na ninakawan niyo, bakit hindi niyo ibibigay?

MONEY BILYAR: Ayaw ko eh.
SHINCHA BILYAR: Edi kami naman nawalan ng pera.

At dito na po matatapos ang ating panayam sa dalawang tanyag na Peenoise na gumawa ng kasaysayan sa hindi lamang pagpunta kundi pagkamkam ng lupa at pagtayo ng subdibisyong Cummhelia Holmes sa planetang Mars. Ating abangan ang kanilang mga susunod na yapak at kilos dahil siguradong hindi lang ang lupa sa Mars ang kanilang ikakamkam.

> "Don't work hard. [...] Hindi naman ako nagtrabaho masyado kahit na tinatawag nila kaming self-made billionaire [...] Hindi mo naman kailangan maging matalino, masipag, matiyaga, o mabuti para maging bilyonaryo [...]
>
> -
>
> **MONEY BILYAR**
> Magpapatayo ng Bilyaran sa Mars

SAKAY NA SA FOODPANDUHH: ANG APP NA HINDI


TANGA

NI **MATT T. GANG** SINING NI **ELLE PANTY**

“

Ayon sa ating mga kaibigang techy, maging sila raw ay naaamaze sa sobrang advance ng teknolohiyang gamit ng app. Ang updated version ng app ay may kakayahan diumanong gawing mala-robot ang kanilang mga riders. Kumbaga, ang tao at ang robot ay magiging isa na! Wow! Nakita mo na ito sa The Matrix at The Terminator.

-







Grabe! Ambilis
Kahit umuulan
rin ang food ko

N A T I O N A L ◆ G A R A P A L A N

Marami-rami na ngang *mga food delivery service apps ang parang kaboteng nagsulputan sa Metro Manila. Ang isang food delivery app ay nagbibigay-serbisyo sa mga taong kagaya ko at mo na busy masyado kaya hindi na kayang pumunta sa mga resto — kung kaya nagpapadeliver na lang tayo gamit ang alin mang food delivery app na naka install sa ating mga telepono. Sa Pilipinas nariyan ang sikat na sikat na Grab Pud at Lala Pud. Pero pipitsugin lang ang mga app na ito dahil walang-wala sila kung ikukumpara sa cute na cute na Foodpanduhh. Hindi lang cute ang logo ng app na ito kundi maging ang mga namumuno ay nakakagigil din sa kacutean. Masarap talagang pisilin ang kanilang mga pisngi hanggang maging kamukha nila ang logo ng Foodpanduhh. Lingid sa kaalaman ng iilan, bagamat ang pangalan ng kompanya ay nagpapahiwatig ng katangahan, matalino raw talaga sila kung kaya ang kanila motto ay: "Ang App na Hindi Tanga." Oo nga naman, tanga lang ang magsasabing tanga sila, diba?*






s ni Kuya Robert! n, nakuha ko pa o. Shelemet po!

Hindi naman maikakaila talaga na maraming taga-hanga ang Foodpanduhh dahil sa masisigasig nitong delivery riders. Ngunit hindi lang sila ang may malaking ambag sa kompanya ng Foodpanduhh. Ayon sa ating mga kaibigang techy, maging sila raw ay naaamaze sa sobrang advance ng teknolohiyang gamit ng app. Ang updated version ng app ay may kakayahan diumanong gawing mala-robot ang kanilang mga riders. Kumbaga, ang tao at ang robot ay magiging isa na! Wow! Nakita mo na ito sa The Matrix at The Terminator. Oo, 'yun na 'yun. Masuwerte na lamang tayo at walang mga baril ang mababait nating mga riders. Sa kasalukuyan, wala pang ibang bansa ang gumagamit ng teknolohiyang ginagamit ng Foodpanduhh sa bagong version ng app. Proudly gawang Pinoy pala talaga! Sa puntong ito na tayo tatayo, ilalagay ang kanang kamay sa kaliwang dibdib sabay aawit ng pambansang awit, ang Bayang Magiliw, este Lupang Hinirang pala!

Ang tsismis mula sa isang Viber group ng mga riders eh sa bagong update diumano ng sitema ng Foodpanduhh magiging napaka produktibo na raw ng mga riders. Hindi na nila kailangan pang magpahinga sapagkat mayroong pampalakas ng motibasyong magdrive ang app. Ito raw ang tinatawag na "I Like to Move it" system. Ang sistema ay magpapatugtog ng "I Like to Move it" na kanta, oo yung theme song ng pelikulang Madagascar na pinagbibidahan ng mga hayop, sa bawat pagkakataong huminto sa pagmamaneho ang isang rider. Marami naman ang natuwa sa bagong update dahil kapag masyado raw na mabigat ang traffic, mapapasayaw at mapapahataw daw sila sa gitna ng kalsada. Ibang level na talaga ang ginagamit nilang teknolohiya! Dagdag pa raw sa update na ito ay ang pag-upgrade rin ng Foodpanduhh sa kanilang rating system ng mga riders. Tinawag nila itong "I don't



Wanna Miss a Thing" system. Tama ka, hinalaw nila ito sa kanta ng Aerosmith. Kakaiba ang sistema dahil napaparamdam ng app na mayroon nang taong laging tumitingin sa kanilang mga riders. 'Yung tipong jowa na laging naaalala at kinakamusta ka. Awww! Sanaol diba? Kaya kung ikaw ang rider, siyempre dapat hindi ka mangangaliwa kung kanan dapat ang pupuntahan.

Dahil naman napakaganda ng mga bagong updates sa Foodpanduhh app, narito ang mga review ng kanilang mga riders at mga customers na lalo pang tinatangkilik ang paggamit ng app.



PANGALAN: Ridenator Dimaunahan (Rider)

RATING: ★★★★★

SAHOD AT BENEPISYO

Great company with a competitive salary! Malaki mag pasahod ang Foodpanduhh. Naeenjoy ko talaga ang aking trabaho lalo dahil masaya kasama ang mga tao. Matututong kumita ng pera real quick! Brother Apollo helped me grow my P 100,000 to 1 million in just 1 week. You want to know how? Just send me a message!

PROS: masaya, malaki kita
CONS: maraming nang riders, mahigpit ang kompetensya



PANGALAN: Rod Roa Lampake (Rider)

RATING: ★★★★★

KALIGTASAN NG MGA RIDER

Maayos talaga ang trato sa aming mga riders. Binibigyan nila kami ng protective equipment sa pagdrive tulad ng helmet, vest, at iba pa. Pampered na pampered kami kasi noong Christmas Party namin namigay sila ng pampers. Akala nga namin para sa amin, para pala sa mga anak namin. Matututong kumita ng pera real quick! Brother Apollo helped me grow my P 100,000 to 1 million in just 1 week. You want to know how? Just send me a message!

PROS: maalaga, mapagbigay
CONS: sa riders nanggagaling ang binibigay



PANGALAN: Hari Ruki (Customer)

RATING: ★★★★★

DELIVERY SERVICE

Satisfied talaga ako sa serbisyo nila dahil nung dumating yung inorder namin na giniling sobrang sarap at mainit pa. Tapos yung app tumutugtog pa ng Igiling-giling kaya pati kami napasayaw narin. Irerekomenda ko talaga ang app sa mga kaibigan ko. Matututong kumita ng pera real quick! Brother Apollo helped me grow my P 100,000 to 1 million in just 1 week. You want to know how? Just send me a message!

PROS: mabilis, nakakaindak, nakakaaliw, nakakatindig-balahibo
CONS: bawal ang hindi marunong sumayaw

DOG-DIRTY: ANG SUPERDOG NG

CHEENA?

NI **MAID IN CHINA** SINING NI **IBON IVER**



I love Xi Jin Pooh.

\-

DOG-DIRTY
Naliligaw na Tuta

NABIGLA ANG PUBLIKO *nang marinig nilang itahol ni Dog-Dirty ang mga katagang iyan para sa kaniyang pinakamamahal na among si Xi Jin Pooh. Pambihira para sa isang aso na makapagsalita at ma-verbalize ang kanilang pagmamahal sa amo. Bagaman batid ng lahat na masunurin ang mga aso, hindi naman inasahan ng publiko na may mga kakaibang aso palang tulad ni Dog-Dirty na handang gawin ang kahit ano para kay Xi Jin Pooh. May mga tsismis pa nga na si Dog-Dirty pa mismo ang tagapunas ng puwet ni Xi Jin Pooh, kabaliktaran sa nakagawiang amo ang dapat magpaligo sa aso. Umugong tuloy ang mga haka-hakang isang "superdog" umano si Dog-Dirty. Dahil dito, inisa-isa namin ng mga dalubhasa ang mga nakalap na ebidensya ng mga pambihirang kakayahan ni Dog-Dirty upang malaman kung nararapat nga ba talaga siyang tawaging superdog.*

NATIONAL ◆ GARAPALAN

MGA PAMBIHIRANG KA

1. MASTER TRICKSTER

Aliw na aliw nga naman ang madla sa tuwing nakakakita ng mga asong mahuhusay sa mga tricks. Sa kaso naman ni Dog-Dirty, siya mismo ang marunong mang-trick at manloko sa taumbayan. O diba, saan ka pa? Dahil sa labis labis na panlalambing niya para kay Xi Jin Pooh, biruin mo ay kinaya niyang talikuran ang nakaraang pangako niyang magjetski patungong Wehz Chinapeen Zee. Tahol pa niya, malaki nga raw kasi naman ang utang na loob niya sa kaniyang amo. Nilulubog daw nila tayo sa utang—este sa pagmamahal—kaya ang dami nating mga gusali at tulay ngayon sa bansa na nagsisilbing playground ni Dog-Dirty. Dagdag pa riyan, siguro ay gabi-gabi rin siyang binibigyan ni Xi Jin Pooh ng belly rubs? Haiszxt, ang shweet naman talaga nila!

2. ULTRAMEGA FOCUSED VISION

May ultramega focused vision si Dog-Dirty na kayang magbulag-bulagan sa unti-unting pananakop ng Cheena. O baka love is blind nga naman talaga? Wala kasi siyang ibang nakikita kundi ang pagmamahal ng kaniyang amo kahit na harap-harapan na siyang pinaglalaruan nito gamit ng samot-saring tricks. Awtomatikong napapasunod ni Xi Jin Pooh si Dog-Dirty sa kabila ng sandamakmak na ang mga barko ng Cheena sa Wehz Chinapeen Zee. Panay lamang ang pagtango ni Dog-Dirty kahit pa pinapalayas na ng mga Cheeno ang mga mangingisdang Peenoy sa kanilang sariling teritoryo. Ayon kay Dog-Dirty, hindi raw pwedeng itaboy ang mga Cheeno sa duhhgat dahil baka hindi na siya tawaging “good boy” ni Xi Jin Pooh. Awww, kawawa nga naman talaga si good boy kung mapagalitan.

3. ARF ARF TO THE HIGHEST DECIBEL

Tulad ng tipikal na aso, malakas din ang pang-amoy ni Dog-Dirty lalo na sa anumang banta sa kaniyang puwesto. Ang mas nakamamangha pa sa kaniya ay mayroon siyang mala-megaphone na tahol upang manakot at manghamon ng kaniyang mga kalaban. Siya lang daw kasi dapat ang Alpha. Defense mechanism niya ang kaniyang malakas na pagtahol. Minsan nga ay sinasamahan pa ito ng mga bad words para lang talaga matabunan ng ingay niya ang mga kritisismo laban sa kaniya. Kakasa pa ang kaniyang pagtahol bilang background music ng isinusulong niyang Cha-Cha. Gusto kasi ni Dog-Dirty sayawin ang Cha-Cha upang mapaboran ng mga batas ang Cheena sa pagtaas ng foreign direct investment nila. Mukhang hindi pa raw kasi yata sapat ang pagdagsa ng mga manggagawang Cheeno sa mga establisyementong SOGO dito sa Peenas. Ayon sa kaniya, kailangan talaga maging second-class citizen ang mga Peenoy sunod sa mga Cheeno para siya ang hiranging paborito ni Xi Jin Pooh sa lahat.



KAYAHAN NI DOG-DIRTY



4. SUPERSTRENGTH

Sadyang hindi rin pangkaraniwan ang lakas at liksi ni Dog-Dirty sa harap ni Xi Jin Pooh sa kabila ng kaniyang uugud-ugod na edad. Mahilig siyang magpakitang-gilas sa kaniyang amo. Umihi pa nga siya sa Wehz Chinapeen Zee upang itakda ang teritoryo ng kaniyang amo laban sa mga Peenoy. Bibong-bibo rin siya sa paglaro at pagshoot ng dokumento ng Haggard Ruling sa basurahan. Grabe talaga! Siguro napakasarap ng treats na binibigay kay Dog-Dirty kaya pilit pa rin siyang nagpapanggap na malakas sa kabila ng edad niya. Napakatibay nga rin ng kaniyang mga paa dahil handang-handa pa siyang tumakbo para sa susunod na halalan. Talaga nga namang hindi niya alintana ang mga amag na tumutubo sa mukha niya bunsod ng kaniyang katandaan at malubhang karamdaman.

5. BAKUNA INFLUENCER

Dahil sa pagka-feeling alpha din ni Dog-Dirty, marami na siyang nahatak na masunuring tutang alagad tulad nina Bing Go at Walnut Rock-eh. Bukod pa sa kanila, maituturing din na influencer si Dog-Dirty ng milyon-milyong troll followers sa social media. Lahat sila ay napapasunod niyang mahalin din si Xi Jin Pooh dahil daw sa diumanong donasyon niya ng bakuna sa ating bansa. Napakasulit nga naman ng talaga ng offer ni Xi Jin Pooh, bakuna kapalit ng duhhgat! Oh diba, hinding-hindi tayo malulugi! FYI, kumpleto rin pala ang bakuna nitong si Dog-Dirty. Ang pinaturok nga niyang Cheenofarm ang siyang top secret kung bakit napakahusay niyang mag-camouflage bilang alpha dog kahit pa tuta lang din naman siya ni Xi Jin Pooh. Napapaisip tuloy ang taumbayan sa kung ano pa ang kapangyarihang mailalabas ng Cheenofarm sa kaniya.

RESULTA NG PAG-AARAL

Sa kabila ng mga nakalap na pambihirang kakayahan ni Dog-Dirty, napagpasyahan ng mga dalubhasa na hindi maaaring tawaging “superdog” si Dog-Dirty dahil sa tatlong kadahilanan. Una sa lahat, napag-alamang hindi niya taglay ang pagiging tapat sa kaniyang mga tunay na amo. Bago siya nagpaampon kay Xi Jin Pooh, nanumpa muna pala siya ng katapatan sa taumbayan. Sila lang dapat ang tanging mamahalin niya. Hindi na dapat siya lumipat ng amo kung tapat talaga siyang naglilingkod sa kanila sa simula pa lang. Ikalawa, hindi rin siya mahusay na bantay upang ipagtanggol ang teritoryo ng kaniyang mga tunay na amo. Kadalasan ay nalilito pa siya kung sino talaga ang kaniyang kakampihan sa pagitan ng mga Peenoy at Cheeno. Nababahag lang lagi ang kaniyang buntot sa tuwing may kritisismong nagmumula sa dalawang panig. Ang tunay na aso ay may kakayahang mangagat ng kalaban. Ngunit sa kasamaang palad, hindi kayang mangagat ni Dog-Dirty ng kalaban dahil ang kaya lang niya ay dilaan at amuyin ang puwet ni Xi Jin Pooh. Bilang panghuli at pinakahalatang rason, nakakabastos din para sa komunidad ng mga aso na mapabilang si Dog-Dirty sa grupo nila. Wala naman kasi sa kalingkingan ng pagka-cute nila si Dog-Dirty. Subalit, siguro kung magawa niya ang master trick na play-dead ay makapapasa na siya sa criteria ng pagiging aso.

AWIT SA AMANG


MAKASALANAN

NI **APOLAKI** SINING NI **IBON IVER**

“

Syempre sila ang
sisisihin natin, may
nagawa na ba tayo?
Sa pagsikat ng araw
at paglubog ng buwan
saan ka pa kung hindi
sa diyos na unti-unting
nabubulok sa bawat
paglitaw. Walang saysay
ang ating pagpupunyagi
dahil trabaho naman
daw nila ito.

-





NARITO NANAMAN ANG BAGONG SIKLO ng COVID-19 at patuloy na pinupuri ng ala-kultong Die-hard Dutae Supporters ang dakilang resiliensya ng naghihikahos na Pilipino. Daig pa ng mga sinasambang mga idolo, imahen, at rebulto ang hungkag na pananalig ng estado sa paghihirap ng kanyang mga mamamayan. Hindi tumitigil ang kanilang katok sa tila luwalhating pintuan ng mga frontliner sapagkat wala silang magawa kung hindi magsalita, manukso, at dumada ng walang taning. Tuklasin natin ang kanilang dinadamdam na panalangin sa halip ng isang bayan na nagdurusa.

TATAY DUTAE, SUMALANGIT KA NA.

Wari'y kataas-taasang panginoon ang papel na ginagampanan ng pangulo sa halip ng kapalpakan ng kanyang administrasyon sa pagsaklolo sa ating mga maralitang kababayan. Bilang banal na espiritu santo pumapasok ang Tsina upang gabayan ang galawan ng ating sagradong lupa at soberanya, habang resiliensiya ang tila gumaganap na tagapagligtas sa estado ng ating bansa. Bakit nga ba ang gobyerno ang kinakalaban natin no? Nais lang naman nilang ihayag ang kabutihan at ipadala ang kapayapaan. Dala nila ang adhikaing ito nang parang isang espada ng hustisya, walang kinikilingan kung hindi ang mga hipokrita na

NATIONAL ◆ GARAPALAN



nakaupo sa trono ng perang imperyalista. Ang karapatan ng mga mababang-loob ay kay daling ipagpalit sapagkat tila wala naman itong halaga sa kaayusang ninanais ng nakatataas na aba.

Syempre sila ang sisisihin natin, may nagawa na ba tayo? Sa pagsikat ng araw at paglubog ng buwan saan ka pa kung hindi sa diyos na unti-unting nabubulok sa bawat paglitaw. Walang saysay ang ating pagpupunyagi dahil trabaho naman daw nila ito. Ah tama naman, kita natin na ginagawa nila ang kanilang trabahong pabayaan ang mga mamamayan na iangat ang kanilang mga sarili, nandiyan lamang sila bilang dekorasyon sa ating mga altar, hingian ng pansamantalang "tulong" o grasya. Dito, lumilitaw ang ating pangunahing suliranin bilang isang bansa ngunit nagagawa nilang balibaliktarin ang naratibo tungo sa resiliyensiya. Nawawalan ng saysay ang araw-araw na pagsasakripisyo ng mga manggagawa, frontliners, at OFWs dahil sila'y pilit na pinasusuot ng mga face-mask na may disenyong ngumingiti. Totoo na dakila nga ang kanilang pagpapakasakit pero mas lumalala lang ang kanilang sitwason kung puri at inkompetensiya ng estado lamang ang maibabalik.

SAYONG-SAYO NA ANG KAHARIAN MO

Pinangako ng ama na darating daw ang pagbabago ngunit higit limang libo na ang namatay na frontliners sa kanyang banal na kaharian at mapagkawanggawa noong Agosto 2020 pa lamang. Nagmumukha tuloy silang lata na walang laman pero sa nagaarangkadang dipensa ng kanyang propetong si Hairy Puke, napuksa na daw ang kadiliman ng pandemiya at ang mga mamamayan na lamang ang dahilan sa pagtaas ng COVID-19 sa Pilipinas. Hindi naman daw nila kasalanan na may mga nagugutom sa taas ng bilihin at matagal na tugon ng gobyerno. Hindi daw nila kasalanan na sapilitang nagtatrabaho ang bawat manggagawa sa halip ng mabagal na mass testing at contact tracing. Hindi daw nila kasalanan na patuloy pumapasok ang iba't ibang baryasyon ng COVID-19 at ang bumibigat na kalooban ng mga frontliners. Hindi daw nila kasalanan na nawawalan ng seguridad ang mga OFWs sa kalusugan, sahod, at trabaho bilang tagapagtuos sa kanilang mga pamilya. May magagawa ba sila bilang parte ng lehislaturang ating inihalal ng may tiwala? Siyempre hindi, dahil narito lang naman daw sila upang biyayaan tayo ng kulang-kulang na ayuda, hangal na mga planong sosyo-ekonomikal, at burot na intensyon sa kaunlaran. Sagot nila sa

mga kahilingan ang kahigpitan ng polisiya at mamahaling buhangin na tila abo ng kanilang mga nabigong mananampalataya. Kitang-kita rito ang hayag ng huwad na mga diyos na may kapal sa mukha, bunga sa pagpapaubaya ng kanilang mga taga-sunod at bahid ng tulong na may kapal-it.

BIGYAN MO KAMI NGAYON NG AMING BAKUNA

Kung hindi ka mamamatay sa COVID-19, ika'y mamamatay naman sa gutom at hirap pero ayon sa mga propetong alipores kinakailangan daw ang brutalidad na ito upang maproklama ang salita ng kataastaasan. Restriksyon dito, restriksyon doon, pero sa matulin na hangin ng pwersang estado nakikita na dayag lamang ito sa totoo at banal nilang intensyon. Tanong nila: Bakit pa tayo nabibigo, narito na ang mahiwagang bakuna upang sagutin ang ating mga kahilingan. Tila maiaadya ang ating nagtuturong mga daliri sapagkat dala ito ng amang may kapal sa mukha at espirito santong Tsina na lumiligid-ligid sa lupang hindi kanila. Syempre ngayon, nakaraan na daw ang impyernong dinaanan natin dahil sa pagdating ng bakuna, wala nang mapahihintulot sa tukso ng pandemya, pwera nalang kung dumating nanaman ang bagong mga siklo o kung magmukhang deka-dekada ang itatagal ng herd immunity tulad ng pinagdadaanan natin ngayon. Patuloy na umaasa ang gobyerno sa kung ano-anong mga panalangin ng resiliyensya galing sa kanyang mga mamamayan at sa itaasang imperyalista kung kaya't napagiiwanan ang ating tugon sa sektor ng kalusugan, edukasyon, pati na rin ang ekonomiya.

Sa krisis na ating ginagalawan, aba'y parang lumilipad ang pangulo sa langit kasama ang kanyang mga matalik na anghel sa lehislatura at si Gong-Go na punong-puno ng grasya. Tila sinasanto ang sakripisyo ng mga Pilipinong humaharap sa pandemya pero ito'y walang iba kung hindi puri dahil nangunguna parin ang banal na pamilya sa unang turok ng bakuna habang dumidiskarte ang bawat manggagawa, frontliner, at OFW na makuha ang pagkakataong ito. Sino ba tayo na magreklamo laban sa kaluwalhatian? Mukha namang kinakaya natin ang hirap at danas, hindi naman daw tayo lumalabas para maka-ahon sa hirap. Hindi naman daw tayo nauubusan ng hininga sa ilalim ng mainit na araw para makaraos. At hindi naman daw natin sinasakripisyo ang maging malayo sa ating mga pamilya tulad nila na bawat araw ay nagtatamasa sa proteksyon ng pribelehiyo at mga aircon na tumutulo sa dugo't pawis ng inang bayan. Bakit pa tayo magrereklamo kung kaya naman pala nating tumaas ng bundok at puno para dumiskarte sa online classes? Mukha namang daw na kaya natin ito dahil ang pagtitiis at pangingiti sa halip ng sakuna ay matagal nang nakatanim sa kulturang Pilipino.

Hindi malimutan ang 'yong kasalanan, ngayon at magpakailanman.


H

Baluktot na pagtingin sa ating pagpupursige ang prominenteng naratibo ng nagkakapal na makapangyarihan. Hinding-hindi malilimutan ang ambag ng amang makasalan maging sa pandemya o sa pangmatagalang ekonomiya ng ating bansa dahil laging may dibinong katwiran ang nahuhuling aksyon ng gobyerno sa mga palpak na tugon nito. Isa nang halimbawa ang sadyang napaka-aga na mga panayam ng panginoong pangulo para palagayin ito sa mga disiplinadong mamamayan na nagigising ng maaga. Kung late na nga ang travel ban, late na rin ang mga panayam, malinaw ang late na late na pamamahagi ng bakuna pero syempre, pati ito ay may pangangatwiran.

Kailan ka pa nakakita ng banal na katauhan na takot sa sarili niyang mga taga-sunod, isang nangingibabaw na pwersa pero nagkukulang sa kanyang mga responsibilidad, at marangal daw na pinuno pero puro kabalintunaan ang sinasabing intensyon sa mga naipapataw na milagro. Tila kababalaghan ang normalisadong trahedya na nakalakip sa krisis at sistemang nagbabanal-banalan. Sa ganitong kaayusan, hindi kaakit-akit ang romantisadong katangian ng resiliensya dahil resulta ito sa kasanayan ng ating bayan na mapagsamantalahan ng mga sakim na ahas ng lipunan. Inuunahan tayo ng mga hungkag na diyos sa pagtahak ng ating matatag na landas pero sa huli, ang namamayaning tanong ay simple lamang — Bilang nagkakaisang masa, ano nga ba ang ating laban sa mga demonyong nagtatago sa likod ng mga maskarang naglalakas-lakasan?

> “Kung hindi ka mamamatay sa COVID-19, ika'y mamamatay naman sa gutom at hirap pero ayon sa mga propetong alipores kinakailangan daw ang brutalidad na ito upang maproklama ang salita ng kataastaasan.
>
> -





A DAY IN THE LIFE OF A POLICE OFFICER:

QUARANTINE VLOG

NI **MARIA OROSA ERMITA** SINING NI **IBON IVER**



Ako nga pala si PO2 Donald Sintas, part-time vlogger pero full-time pulis.

-
DONALD SINTAS
Part-time Vlogger, Full-time Pulis

A



Alas otso ng umaga.

"Magandang buhay, mga kasangga sa pagbabago! Welcome po sa aking channel kung saan ipinapakita ko ang aking makulay at exciting na buhay bilang isang pulis sa ating napakagandang bansa, lalo na sa gitna ng pandemyang ito. Tara na at samahan ninyo ako sa araw ko!"

Katulad ng ibang mga araw ay agaran kong kinuha ang aking pangmalakasang GoPro Hero 7 na binigay sa akin ng boss ko noong nakaraang buwan bilang regalo para sa kaarawan ko. Hindi na raw kasi bagay sa ginagawa kong pag-vlog ang luma kong cellphone na iPhone X sa lumalaki kong Youtube channel na mayroon nang 300 subscribers after 3 years. Nagmamadali na nga akong kumain ng bacon and eggs na hinanda ng asawa ko para sa akin at sa aming mga anak ngayong almusal para lang hindi ako mahuli sa trabaho dahil sabi ng mga pare ko ay marami raw kaming gagawin ngayong araw kaya knaisipan kong ibahagi sa aking mga subscribers ang araw namin bilang mga magigiting na kapulisan.

Ako nga pala si PO2 Donald Sintas, part-time vlogger pero full-time pulis. Simple lang naman ang pamumuhay ng aking pamilya, sa sahod ko na P30,000 kada buwan, na minsan ay umaabot ng P70,000 kapag naka delihensya sa mga boss ko, napagkakasya ko ito sa pagbayad sa aming condo, dalawang sasakyan, isang motor, pang-araw-araw na gastusin, at paminsan-minsang mga bakasyon sa ibang bansa. Kaya kung tutuusin, napakahirap ng buhay namin. Ngunit sa kabila ng lahat ng pagsubok na pinagdaraanan namin, nagsusumikap



pa rin akong magtrabaho bilang isang respetado at dedikadong miyembro ng ating kapulisan.

ALASW DIYES NG UMAGA.

"Sa ngayon po ay papasok na po ako sa aking trabaho, kahit medyo late dahil nagpa-gas pa ako, para simulan ang aming exercise para po maging mas healthy at sexy ang ating mga kapulisan! Magpapalit lang po ako ng damit para ready na ready tayo, mga kasangga! Samahan niyo po ako."

Sa totoo lang, hindi ko rin alam kung bakit kailangan pa namin gawin ito eh napaka-fit na nga namin. Hindi ko talaga maintindihan bakit kailangan naming magpapayat eh normal naman na rito sa aming magkukumpare na lampas ng halos 100 kilo ang timbang. Eh bakit ba? Masarap kumain eh! Kaya ko pa rin naman tumakbo at makipaghabulan sa mga kriminal nang ilang minuto, nakahihingal din kaya kapag ikaw gumawa. Kaso hindi raw kami mapopromote kung hindi kami makakapagbawas ng timbang. Sus! Kaunting padulas lang naman 'yan kay boss at malamang promotion na naman ang makukuha ko sa mga susunod na buwan kahit sabi nila ay hindi maganda ang timbang ko. Pero magrereklamo pa ba ako eh binabayaran naman ako araw-araw para mag-exercise sa oras ng trabaho? Eh 'di panalong panalo!

ALAS ONSE NG UMAGA.

"Syempre pagkatapos ng nakapapagod at nakahihingal na exercise ay oras na ng chibugan dito sa opisina! Ibabalik lang din natin ang binawas nating timbang kaya saktong-sakto dahil umorder si bossing ng tatlong bucket meal mula sa Jollibuzz at dalawang bilao ng pansit para sa ating tanghalian ngayong araw. Kain tayo, mga kasangga!"

May pandemya man o wala, hindi talaga mawawala ang kainan dito sa aming opisina dahil ganoon talaga 'pag magkakabaro—ganoon ang lagi naming bonding (syempre kakaibang bonding din ang inuman pero 'di naman pwede ngayon dahil mahuhuli kami ni boss). Hindi ko nga alam kung mayroon bang may birthday kaya ang daming pagkain o baka naman ay nakaraket lang si boss sa mga sideline niya sa under the table kaya ang yaman ng presinto namin ngayon. Ganoon kasi talaga si boss, masyadong mabait at sobrang matulungin sa kapwa kaya bilang kapalit ay binibiyayaan din siya palagi ng Panginoon.

Ala-una ng hapon.

"Pagkatapos nating mag-chibugan ay back to work na tayo! Ganoon talaga 'pag masisipag at mga hardworking, trabaho na agad. Sa ngayon po ay babalik na tayo sa opisina upang gawin ang pinakamahalagang bahagi ng araw namin bilang isang pulis. Mahilig ba kayo sa mga action movies o 'di kaya naman ay mga

online games? Kung oo, ay magkakasundo tayo at maeenjoy ninyo ang next segment ng aking araw. Excited na ba kayo?"

Paramihan ng napapatay araw-araw ang pinakakinagigiliwan naming gawin para mapabilis ang pag-level up namin. Malimit namin itong gawing pustahan at kadalasan ding topic ng yabangan sa aming magkakaibigan dito sa opisina. Hindi mo naman masisi dahil ganoon talaga kapag lalaki eh, pataasan ng ihi. Minsan nga ay nagvaviral pa ang mga livestream namin o hindi naman kaya ay nababalita sa TV. Ganoon kasi talaga kami ka-extreme at dedicated sa paglalaro namin. Aba syempre! Ang hirap kaya magpataas ng level para makakuha ng mga special skills at weapons para mas easy kill. Pagbigyan ninyo na kami sa nakahiligan naming ito, alam naman ng mga tao na mainitin talaga ulo ng mga nasa kapulisan eh kasi sa ganitong paraan na lang namin nailalabas ang angas namin.

ALAS TRES NG HAPON.

"Mukhang nasobrahan tayo sa pag-eenjoy doon ah! 'Di bale ay naging masaya naman kaming magkakaibigan at nakapagpahinga sa dami ng aming ginagawa bilang mabubuti at magigiting na kasapi ng kapulisan ng ating kalakhan. Sa ngayon naman, ang gagawin natin ay mag-aayos lang ng mga papeles. Paghihiwalayin lang natin ang pula sa ibang mga kulay. Para bang pang-kindergarten ang gagawin natin? Nako, 'wag ninyo itong mamaliitin! Mahalaga 'to para sa amin!"

Madali lang naman ito dahil colorblind yata si boss kasi mas masaya siya kapag marami kaming nahihiwalay na pula dahil mas magagamit niya raw ang mga ito. Kami namang mga sumusunod sa kaniya ay syempre dagdag din sa dami ng pula para lang sumaya siya. Hindi naman kailangan mag-isip dito dahil kung ano lang ang mood mo habang ginagawa mo, iyon ang sundin mo. Ayaw mo sa nakasulat? Lagay mo sa pula. Ayaw mo sa nagsulat? Lagay mo sa pula. Hindi mo maintindihan kung ano ang nakasulat? Lagay mo sa pula. Hindi mo paboritong font ang ginamit? Lagay mo sa pula. Hindi naman daw kasi magagamit 'yan sabi ni boss kaysa sa mga malilinis na puti, kaya ito talaga ang paborito kong ginagawa sa araw-araw eh.

ALAS SAIS NG GABI.

"Sa wakas, tapos na rin ang shift ko! Pero hindi pa rito natatapos ang saya natin ngayong araw dahil may pa-fiesta mamaya sa kampo 'yong boss ng boss namin at isasama ko na naman kayo sa isang malakasang chibugan at inuman! Secret lang natin 'to ha? Halika na!"

Litson dito, pochero doon, San Mig Lighter dito tapos Red Hoarse naman sa kabilang table. 'Pag tumingin ka naman sa kabila ay bumabaha ng sisig, chicharon bulaklak, daing na bangus, at barbeque na napakasarap pangpulutan at ipartner sa nagyeyelong alak. Birthday pala ni sir ngayon kaya may paparty. Alam naman naming may pandemya at bawal ang ganito pero may social distancing naman, may mask tsaka sinong makakaalam kung hindi kami-kami lang din naman? Ipagkakait na naman ba sa amin ang magkasiyahan, eh minsan na nga lang.

Kapag may ganito talagang event, lahat ng mga boss mong matataas ang ranggo ay makikita mong nakikikurot sa litson, nakiki-shot sa alak, nakikipagpapicture sa mga kalebel niya at sa aming mga nasa baba pa lamang. Ang lakas maka-family reunion ng mga ganitong mga pakain kaya lagi naman kaming pumupunta. Tatanggi pa ba kami sa grasiya?

ALAS ONSE NG GABI.

"Otw home na ako, mga kasangga! Medyo nalate kami ng tapos at naabutan ng curfew ngayong pandemya pero okay lang 'yon. Sinong huhuli sa amin? Pulis? Biro lang! Pero maiba tayo, lagot na naman ako sa misis ko nito kaya kailangan ko na magmadali pauwi. Kung umabot kayo sa dulo ng vlog kong ito ay maraming salamat sa pagsama sa akin sa aking napaka-exciting na araw-araw na buhay bilang isang pulis. 'Wag ninyong kalimutang pindutin ang subscribe button at i-like niyo na rin ang video na ito kung nagustuhan ninyo! I-comment na rin kung ano ang gusto niyong makita sa susunod na vlog. Maraming salamat, mga kasangga! Ako po muli si Donald Sintas, ang inyong friendly-neighborhood lespu ng Pinas! See you next time!"

> "
> **Litson dito, pochero doon, San Mig Lighter dito tapos Red Hoarse naman sa kabilang table.**
>
> -
> **DONALD SINTAS**
> Umiinom ng Numbah One Extra Stroang Beer



DR. ROXIE: DOLOMITE PARA SA

MENTAL HEALTH

NI **DR. KWAK-KWAK** SINING NI **IBON IVER**

NATIONAL ◆ GARAPALAN

❝

Gaya nga ng sabi ko sa umpisa, ang dolomite sand ang lunas sa lahat ng sakit na inyong nadarama. Kahit broken heart, kayang-kaya nitong solusyonan! Kaya naman, huwag kayong matakot na bumisita sa Manila Bay.

-
DR. ROXIE
Doctorang punong puno ng [bu]hangin ang ulo



Host:

Magandang umaga, mga kababayan! May isa tayong special guest ngayong araw na magdadala sa atin ng mga panibagong impormasyon na tiyak na makatutulong sa atin, lalong-lalo na ngayong kasagsagan ng pandemya. Bigyan natin ng masigabong palakpakan si Dr. Roxie!

DR. ROXIE:

Hello, mga bebe boys and ghorls! Kalma, ako lang ‘to. Excited na akong sagutin ang inyong mga katanungan ngayong araw. Pero syempre, bago tayo magsimula, nais ko munang ipromote ang aming no.1 product—ang Manila Bay dolomite sand. Masakit ang katawan? Nahihirapan sa acads? Toxic ang pamilya? Aba! Ito na ata ang sagot sa inyong mga problema. Hindi pa sasakit ang ulo mo sa mga bayarin dahil libre lamang ito. Tulong ng gobyerno para sa mga mamamayan nito.

HOST:

Mukhang handang-handa na si Dr. Roxie para sa inyo. Kaya ano pa ang hinihintay niyo? Huwag na kayong mahiya dahil hindi naman nangangagat si Doc na parang maliit na tuta.



TANONG 1:

Magandang umaga po, Dr. Roxie. Ako po si Juan at nais ko pong magpasalamat sa pagdalo niyo sa event na ito, lalo pa't marami po sa amin ang nangangailangan ng libreng konsulta mula sa isang professional na tulad niyo. Gusto ko po sanang itanong kung paano po makatutulong 'yong dolomite sa aking mental health, lalo na po ngayong sobrang hirap makisabay sa online learning?

DR. ROXIE:

Naku, mukhang hindi ka nakikinig sa aking intro kanina, anak. Anyway, mabisa ang dolomite sand ng Manila Bay sa pagtanggal ng depression, anxiety, at kung ano-ano pang mga sakit sa pag-iisip. Magpasyal ka lamang sa lugar na ito at, walang duda, mawawala ang iyong mga nararamdaman at hindi na magiging sagabal ang iyong mental health sa iyong pag-aaral. May iba nga na nakapagsabi na isang tingin pa lamang nila sa Manila Bay, bumalik na ang kanilang matatamis na ngiti. Kaya huwag nang matakot na subukan pa ito!

MARIO:

Isa kang malaking hangal, Dr. Roxie! Walang kabuluhan ang iyong pinagsasabi! Dapat sa'yo matanggalan ng lisensya dahil sa pagpapakalat mo ng mga maling impormasyon. Ayon sa isang pag-aaral na inilimbag sa Iranian Red Crescent Medical Journal, maaaring magdulot ng iba't ibang respiratory symptoms ang exposure sa hangin na may mataas na concentration ng dolomite. Bukod pa rito, may dala rin itong mga hazard tulad ng skin, respiratory, at eye irritation.

DR. ROXIE:

Wala kang respeto. Guards! Paki-escort nga itong quack doctor na ito palabas bago pa niya ma-brainwash ang ating mga kababayan. Marami pa namang kumakalat na mga fake news ngayon at ayaw kong maging biktima nito ang ating mga kababayan na nandirito. Hay naku! Huwag kayong maniniwala sa bruhang iyon. Inggit lang 'yon. Sige, move on na tayo sa next question.


OVAL
WHITE/ORANGE
TABLET
Side 1 WATSON
Side 2 3202
May Cause

TANONG 2:

Hello po. Ako po si Angel mula po sa bayan at gusto ko lang po malaman kung bakit sa dolomite sand niyo nilagay 'yong budget niyo na 28 million pesos. Kasagsagan po ng pandemya ngayon at marami po sa atin 'yong nangangailangan, so bakit hindi niyo na lang po nilaan 'yong budget na 'yan para sa, let's say, sa mass testing at mas mabisang contact tracing para naman bumaba ang cases ng COVID-19 sa ating bansa.

DR. ROXIE:

Kasama ka siguro roon sa wala ng inatupag kung hindi mag-rally, ano? Dapat sa inyo hindi na lumalabas ng bahay at magpokus sa pag-aaral imbis na kumontra sa aming pamamalakad. Para sagutin ang iyong katanungan, umpisa pa lamang, may nakahiwalay nang budget para sa rehabilitation ng Manila Bay at, gaya nga ng sabi mo, 28 million pesos ang nakalaan para sa dolomite sand na iyan. Hindi niyo dapat problemahin ang budget para sa mass testing because I'm sure naman na nakahanda na 'yan.

ANGEL:

Bakit po wala pa ring mass testing na nagaganap ngayon? May nakita rin po akong video na inaagos 'yong dolomite sand niyo dahil sa palagiang alon noong kasagsagan ng bagyo. Parang inagos rin po ata ang budget niyo.

DR. ROXIE:

Aba, itong batang 'to! Out of topic ka na, beshie. Hindi ko na masasagot 'yong ilan dyan at sayang sa oras. Next na nga bago pa kung saan mapadpad ang usapan na ito. Focus tayo sa positive effects ng dolomite!

TANONG 3:

Magandang umaga, doc! Ako po si Abay, isa po sa inyong mga tagatangkilik. Nabasa ko lang po sa balita na sinabi raw po ng DOH na may masama pong dulot 'yong dolomite sand sa ating kalusugan. Nakapapangamba po ito kasi sabi mo makatutulong iyon sa aming mental health pero baka naman po magkasakit kami dahil doon. Wala pa naman po kaming pambayad sa ospital, lalo na ngayong wala kaming mga trabaho dahil sa pandemya. Ano pong masasabi mo tungkol dito?

DR. ROXIE:

Parang gusto mo rin atang ma-escort palabas tulad ng kanina. Syempre, joke lang! Anything for a fan. Alam mo ba napakatalino ng ating pangulo kasi naisip niya na ipaayos 'yong Manila Bay? Sayang naman din kasi kung hahayaan na lang natin 'yon nang ganun kaya ginawan namin ito ng paraan. Isa rin itong tourist spot kasi napakaganda ng view ng sunset sa Manila Bay. May iba rin sigurong mga business na puwede nating buksan dito na hindi pa natin nae-explore, so napakaraming opportunities na ibinibigay ang rehabilitation na ito.

TANONG 4:

Hi, Dr. Roxie. I'm Nene and I want to ask lang po kung bakit parang hindi naman po ata gumagana 'yong payo niyo? Kasi I tried noong isang araw by looking at the Manila Bay kasi stress na stress na po ako sa acads ko pero parang wala naman pong nangyari. Ganun pa rin 'yong nararamdaman ko and minsan nagkaka-panic attacks po ako pero wala po kasi akong time para kumonsulta sa iba, so I was hoping na gumana ito.

DR. ROXIE:

Baka naman kasi you were not looking at it enough, iha. Hindi naman mabilisan ang gamutan ng dolomite. Gradual ang paglunas nito sa ating mga sakit kaya be patient po—huwag po natin siyang madaliin. Hindi tayo magigising ng isang araw na bigla-bigla na lang nawala ang ating mga karamdaman. It takes time gaya rin ng mga gamot na iniinom natin.

DR. PEPPER:

Correction lang. Walang kahit anong pag-aaral na nagsasabing ang dolomite na iyan ay makatutulong sa ating mental health. Mas mabuti pa ring kumonsulta sa mga professional upang maabisuhan kayo kung ano ang kailangang gawin at mabigyan kayo ng tamang reseta para maagapan agad ang inyong mga sakit. Huwag tayong basta-basta naniniwala sa mga nababasa natin sa internet o sa mga pinagsasabi ng mga walang credibility pagdating sa field na ito.

DR. ROXIE:

Ay wow, may sumasapaw! Alam mo shut up ka na lang kasi hindi naman sila makikinig sa tulad mo. Hindi ka naman kasi famous gaya ko kaya wala talagang maniniwala sa'yo, Dr. Nobody. Anyway, where was I? Ah, bumalik-balik lang kayo sa Manila Bay at samahan niyo ng maayos na pagkain at pagtulog at tiyak na bubuti ang kalagayan niyo matapos ang dalawang linggo.



Bakit po wala pa ring mass testing na nagaganap ngayon?

-

ANGEL

BUWISET NA PISTENG PAKIALAMERANG BRUHA

HOST:

Maraming salamat sa pagdalo sa pagpupulong na ito, Dr. Roxie. May nais po ba kayong iwang mensahe para sa ating mga kababayan?

DR. ROXIE:

Gaya nga ng sabi ko sa umpisa, ang dolomite sand ang lunas sa lahat ng sakit na inyong nadarama. Kahit broken heart, kayang-kaya nitong solusyonan! Kaya naman, huwag kayong matakot na bumisita sa Manila Bay. Siguraduhin niyo lamang na may suot-suot kayong face mask at face shield bilang proteksiyon laban sa COVID-19 virus. Kung hindi pa rin kayo kumbinsido sa positibong epekto nito, aba, kayo na ata ang problema at hindi ang dolomite sand!

Sa ngayon, gumagawa kami ng bagong mga produkto na hango sa dolomite tulad na lamang ng aming exclusive na COVID-19 vaccine. Mabisa ang aming formula laban sa virus basta huwag niyo lang kalimutan na kumuha ng second dose ng dolomite para masigurado ang inyong proteksyon. Dagdag pa rito, may mga skin care products din kami na epektibo laban sa acnes and pores, lalong-lalo na sa mga may skin problems tulad ni Duturtle.

Sana nakatulong ako sa inyong lahat. Maraming salamat!

HOST:

At dyan po nagtatapos ang ating programa. Hanggang sa susunod!

SCAVENGER HUNT: KA[GO]BATAN EDITION

NI ZOOKEEPER

"

Kung matatandaan ang nakaraang eleksiyon, para bang naging circus ang pangangampanya ng kahayupan kung saan kaniya-kaniyang nagpakitang gilas ang mga ito mula sa mga ads sa telebisyon, sa palakihan ng mukha sa tarpaulin, sa pagpunta sa mga plaza ng barangay, at sa mga pangakong mabubulaklak na mukhang pinaghandaan.

-

H

TILA BA ILANG DAANG TAON *na ang nakalilipas noong huling ginanap ang eleksyon sa kaGOVatan kung kaya't parang hirap na ang mga nanalong kahayupan na muling magbalik-tanaw sa mga binitawan nilang pangako sa kanilang mga supporters. Subalit, ang totoo ay maglilimang taon pa lamang nang ito'y naganap. Halos hindi na nga makilala ang mga politikong hayop dahil sa laki ng pagkakaiba ng ipinakita nila noong halalan at ngayong kasalukuyan, kung kailan sila'y nagpapakasasa na sa posisyon.*


Kung matatandaan ang nakaraang eleksiyon, para bang naging circus ang pangangampanya ng kahayupan kung saan kaniya-kaniyang nagpakitang gilas ang mga ito mula sa mga ads sa telebisyon, sa palakihan ng mukha sa tarpaulin, sa pagpunta sa mga plaza ng barangay, at sa mga pangakong mabubulaklak na mukhang pinaghandaan. Ang mga pangakong kanilang binitawan ay mga salitang walang laman na ginamit lamang upang makuha at malinlang ang loob ng mga tao. Kaya naman tila ba nagka-amnesia ang mga nanalong kahayupan at nakalimot na sa mga pangakong tuluyan nang napako.

Kaya naman matapos ang ilang taon magmula noong eleksyon, marapat lamang na bigyang atensyon ang mga napabilang sa Scavenger's Hunt: kaGOVatan edition Top 5 na mga hayop na nahanapan ng pinakamaraming ibinaon na pangako o mga aksyong taliwas sa kanilang mga pangako. Narito ang mga hayop na nararapat na kilalanin sa kanilang mga nawaglit na pangako

5

Top 5. Pato Duck Rosa

Si Pato Duck Rosa ay nakilala sa pagiging die-hard supporter ng nahalal na pangulo ng kaGOVatan. Dahil dito, hindi na rin nakapagtatakang alinsunod ang kaniyang mga binitawang pangako sa pangako ng kaniyang lodi. Nariyan ang pangakong tatapusin at susugpuin ang krimen at paggamit ng iligal na droga. Ngunit dahil siguro sa kaniyang pagiging die-hard supporter ng pagong ay handa rin siyang kitilin ang buhay at tanggalin sa mundong ibabaw ang sinumang nakikita niyang napapabilang sa krimen o gumagamit ng iligal na droga. Dahil sa pagdami ng kanilang napapatay, marami rin ang mga nagalit at nagbato ng kasulaman sa kaGOVatan kung kaya't bumuo ng panibagong pangako ang Pato. Ipinangako niyang pakokontiin, pero hindi ititigil, ang bilang ng mga namamatay sa kanilang mga engkuwentro. Ngunit sa sunod na pagkakataon ay nabaon na naman muli ang kaniyang pangako sa pamamagitan ng paglatag ng ibang isyu. Mas dumami pa nang dumami ang hindi makatarungang pag-botcha sa mga inosenteng hayop. Imbes na masunod ang kaniyang binitawang pangako, para bang nagkaroon pa ng buwanang quota ang kaniyang mga alagad kung ilan ang kailangang hulihin at kitilin na buhay.



4

Top 4. Cheeta V


Si Cheetah V. ay nakilala dahil sa kaniyang asawa, isang kilalang politiko at negosyante, na kabilang sa isang kilalang species. Sa kadahilanang ito, naging madali para sa kaniya na ipakilala ang sarili sa publiko. Sa kaniyang naging kampanya, isinaad niya ang kaniyang interes sa pagtulong sa sektor ng panghanapbuhay, pangkalikasan, at pang-agrikultura. Ayon sa kaniya, gusto niyang makatulong sa kaniyang kapwa. Ngunit lingid sa kaalaman ng lahat, siya pala ay may H.A. o hidden agenda. Oh! Diba? Pa-mysterious ang peg ni Cheetah V. Ang kaniyang H.A. ay ang mabenepisyohan din ang kaniyang negosyo. Kaya naman ngayong nahalal na, kapansin-pansin ang kaniyang mga tulong sa mamamayan, lalo na sa sektor na kaniyang pokus. Marapat nga namang siya'y tawaging 'Ina ng Panghanapbuhay' dahil sa mga ito. Subalit, tila ba hindi naman niya napagtutuunan ng pansin kung ano nga ba talaga ang kailangan ng kaniyang mga pinangakuang sektor. Hindi ko mawari kung siya'y nagbo-bobo-bobohan lamang o sadyang sa sobrang bilis ng kaniyang kilos ay hindi niya na mawari kung ano ang hinaing ng kaniyang mga sektor—ito ang funding sa research. Maliban pa riyan, ngayong kasagsagan ng pandemya ay kapansin-pansin ang kaniyang pagka 'Missing in Action' o MIA. Ngayon pa kung kailan mas kailangan ng tulong mula sa kaniya ng mga manggagawa. Tunay ngang nagamit niya ang kaniyang angking bilis gumalaw upang makatago sa kaniyang lungga, kalimutan ang kaniyang ipinangako, at hayaan na lamang itong mabaon sa limot.



3

Top 3. Monkey Pockey

Si Cheetah V. ay nakilala dahil sa kaniyang asawa, isang kilalang politiko at negosyante, na kabilang sa isang kilalang species. Sa kadahilanang ito, naging madali para sa kaniya na ipakilala ang sarili sa publiko. Sa kaniyang naging kampanya, isinaad niya ang kaniyang interes sa pagtulong sa sektor ng panghanapbuhay, pangkalikasan, at pang-agrikultura. Ayon sa kaniya, gusto niyang makatulong sa kaniyang kapwa. Ngunit lingid sa kaalaman ng lahat, siya pala ay may H.A. o hidden agenda. Oh! Diba? Pa-mysterious ang peg ni Cheetah V. Ang kaniyang H.A. ay ang mabenepisyohan din ang kaniyang negosyo. Kaya naman ngayong nahalal na, kapansin-pansin ang kaniyang mga tulong sa mamamayan, lalo na sa sektor na kaniyang pokus. Marapat nga namang siya'y tawaging 'Ina ng Panghanapbuhay' dahil sa mga ito. Subalit, tila ba hindi naman niya napagtutuunan ng pansin kung ano nga ba talaga ang kailangan ng kaniyang mga pinangakuang sektor. Hindi ko mawari kung siya'y nagbo-bobo-bobohan lamang o sadyang sa sobrang bilis ng kaniyang kilos ay hindi niya na mawari kung ano ang hinaing ng kaniyang mga sektor—ito ang funding sa research. Maliban pa riyan, ngayong kasagsagan ng pandemya ay kapansin-pansin ang kaniyang pagka 'Missing in Action' o MIA. Ngayon pa kung kailan mas kailangan ng tulong mula sa kaniya ng mga manggagawa. Tunay ngang nagamit niya ang kaniyang angking bilis gumalaw upang makatago sa kaniyang lungga, kalimutan ang kaniyang ipinangako, at hayaan na lamang itong mabaon sa limot.



2

Top 2. Leni Robbit

Nakilala si Leni Robbit dahil sa kaniyang namaalam nang kabiyak na noo'y isang kilalang huwarang politiko kung kaya't ngayo'y tinatahak niya na rin ang landas ng politika. Dahil sa kaniyang pagkakakilanlan, naabot na katanyagan, at angking karunungan, mas naging madali sa kaniyang magpanggap na maamong tupa at paniwalaan ng kaniyang mga supporters ang kaniyang mga binitiwang pangako. Kaya naman siguro napakarami niyang ipinangako noong nakaraang halalan. Ngunit ngayon, malinaw naman na iisa pa lamang ang kaniyang nagagawa. Ito ay ang gabayan si DuTurtle sa kaniyang mga plano at ituwid ito kung kinakailangan. Kaya naman siguro sa kaniyang kagustuhang tumalon ng mataas, tila ba nilampasan niya ang kaniyang mga pangako. Isa rin siguro itong dahilan kung bakit ang pangako ng pagong ang kaniyang inaatupag. Mas pinagtutuunan niya pa ng mas maigi ang ginagawa ng walang kuwentang pagong kaysa ang tuparin ang mga ipinangako niya sa madla. Mas madalas pa nga silang magsagutan kaysa magtulungan sa pagpaplano para sa mas ikabubuti ng kaGOVatan. Maliban pa riyan, kapansin-pansin din ang pagpokus niya sa maraming bagay na hindi alinsunod sa mga pangakong binitawan niya o kaya sa mga prayoridad na mga bagay. Naisasantabi niya ang mga dapat na kaniyang tungkulin. Sa dami ng inaasikasong iba, nakalilimutan na niya ang kaniyang mga pangako at adbokasiya para sa mga mamamayan. Ngunit, hindi mapagkakailang dahil sa kaniyang presensya ay mas naging challenging at thrilling experience ang mga pangyayari sa kaGOVatan. Dahil sa patuloy niyang pagkontra kay DuTurtle, tila ba nais niyang agawan ito ng spotlight! Kaya siguro ramdam ng ibang kahayupan sa kaGOVatan na may kakompetensiya na sila sa lakas at pakikipag-agawan sa fame at title na King of the Jungle o puwede ring ang 'Pinakahayop sa Kahayupan.'



1

TOP 1. DuTurtle

Ang pinakakilala, ang pinakamatunog ang pangalan, at ang may pinakamataas na posisyon—si DuTurtle. Hanggang ngayon ay 'di pa rin mawari kung siya ba ay tunay na pagong o aso. Ngunit dahil sa kaniyang angking 'charisma' at tactics noong nakaraang eleksyon, pinalad ang pambansang hayop na magwagi at makuha ang pinakamataas na posisyon sa buong kaGOVatan. Bilang isa sa may mataas na posisyon kumpara sa ibang kahayupan, hindi hamak na siya ang may pinakamaraming binitawang pangako noong panahon ng kampanya at eleksyon. Sa kabalintunaan, ang pagong ang nangunguna sa bilang ng may pinakamaraming ipinangako ngunit nanatiling nakabaon o kabaliktaran ang mga nagagawa. Gayunpaman, wala nga namang kasiguraduhan kung ang mga ito ay sinserong pangako o tanging isang paraan lamang upang makuha ang loob ng mga botante. Siguro dahil sa kabagalan ay pinili na lamang niyang ibaon ang mga ito. Isa sa pinakamatunog na pangako niya noon, na ngayon ay bumabalik mula sa pagkakabaon, ay ang kaniyang mga sinabing aksyon upang maibalik ang West Philippine Sea sa pagmamay-ari ng kaGOVatan. Nariyan ang pangako niya noon na sasakay siya sa Jetski mapuntahan lamang ang mga nasakop na teritoryo natin. Pero ngayon, tila ba nagka-amnesia siya at nakalimutan na ang mga katagang binitawan niya sa madla. Ang nakapagtataka ay ang labis na pagtangkilik at pagsuporta pa ng pagong sa mga Intsikto. Imbes na ipaglaban ang karapatan natin at tuparin ang kaniyang mga pangako, mas abala pa siyang sumipsip sa mga Instiktong peste sa ating teritoryo. Itong isyu na ito ay isa lamang sa napakarami pang kinahaharap ng pambansang hayop na kinagigigilan ng marami.



Ngayong nailatag na ang top 5, *marapat lamang na ang mga napabilang ay magkaroon paprempyo. Ang hayop na politiko na may pinakamaraming ibinaon na pangako o hindi tinupad ay dapat lamang na may kaakibat na kaparusahan. Lahat sila ay karapat-dapat na mapagkalooban nito. Ang pangako ay hindi lamang dapat bitawan bilang pang-akit sa mga botante. Ang pangako ay hindi dapat napapako. Bilang mga hayop na politikong pinagkatiwalaan ng mamamayan na kikilos para sa ikabubuti ng kaGOVatan, marapat lamang na ituwid nila ang kanilang mga aksyon at gawin ang kanilang mga ipinangako. Kung nais pala talaga nilang maging hayop, edi sana nanatili na lang sila bilang hayop at hindi na nag-camouflage pa sa mundo ng politika.*

